

# NAGDADALANG TAO KA BA?

Alamin kung paano protektahan ang iyong hindi pa isinisilang na sanggol mula sa CMV (cytomegalovirus), ang nangungunang viral na sanhi ng depekto sa panganganak at mga kapansanan sa pag--unlad, kabilang na ang pagkawala ng pandinig, pagkawala ng paningin, at cerebral palsy.

CMV ang isa sa mga virus na kadalasang walang sintomas na kumakakalat sa pamamagitan ng laway, uhog, at ihi. Ang mga malulusog na sanggol, puslit, at bata ay maaaring makakuha ng CMV mula sa kanilang mga kasamahan at ipasa ito sa kanilang mga buntis na ina.

Eto ang mga tip na maari mong gawin upang maprotektahan ang iyong sarili at ang iyong hindi pa isinisilang na sanggol mula CMV:

- Kapag hahalikan mo ang isang bata, iwasan mong madaiti ang kanilang laway. Halimbawa, maaari mong halikan na lang sila sa noo o pisngi sa halip na labi.
- Huwag maglagay ng mga bagay sa iyong bibig na galing sa bibig ng isang bata, kasama na dito ang pagkain, tasa, tinidor o o kutsara, at mga pacifier.
- Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos linisin ang ilong o bibig ng isang bata, o kaya'y pagkatapos magpalit ng kanilang diaper.

Matuto nang higit pa sa: www.NationalCMV.org

NATIONAL CMV FOUNDATION